Ulap

Ex Battalion

Nakatingala sa mga ulap
Nakangiting humihiling at kahit san
Nakatingala sa mga ulap
Nag-aantay na masagot at mabuksan
Ang aking liham sulat na minsa'y aking pinadala
Kahit na malayo't umabot ay malabo
Sakin pinadama
Yah yah yah

Alam nyo po ba? Labis ang sisi ko
Bakit po ba sya ang napili ko?
Kase no'ng una di ko po naisip to
Hirap makuha lalo't sobrang busy po
Nitong dalaga na kaninang umaga ko pa hanap
Maghapon kong pinangarap hanggang pagdilim ng ulap
At laging unan na lang ba ang aking makakayakap
Sa panaginip ko na lang siguro sya makakausap
Makakasama ko pero pano magkakatotoo
Kase sa twing ako'y lalapit sya ay lumalayo
May mali ba saking gamit na sabon at pabango
Di ko na nga din po alam ang itatanong sa'yo
Mahal nya ba ko? Sya ba'y mayron ding plano
May balak po kaya syang sumakay sa eroplano
O mananatili dito dahil ako'y nandito
Hindi umaalis naghihintay po ng sagot nyo

Nakatingala sa mga ulap
Nakangiting humihiling at kahit san
Nakatingala sa mga ulap
Nag-aantay na masagot at mabuksan
Ang aking liham sulat na minsa'y aking pinadala
Kahit na malayo't umabot ay malabo
Sakin pinadama
Yah yah yah

Pwedeng makuntento isang daang porsyento
Nasa sayo na kung pano ka maging kuntento
Di pwedeng nahiling ng tawad pero di natuto
Walang sinong gumaling na tumitigil mag imbento
Mag eksperimento man gawin ng pabulong
Lahat may pag asa pa kahit pa yung nakakulong
Wag na magtanong basta ibigay mo ng buong
Buo ang iyong lakas 'di to pera o bayong
Wag sabihing buhay di na fair kahit pa inaapi
Pre di pa sarado ang pinto ng langit be aware
Pare be real wag mabalutan ng fear
Kahit pa't sabihing di ka fit ituring kang weird
Ng mga tao sayong paligid wag mong sisihin
Itaas nakayuko na ulo langit silipin
Bahaghari andun sa dulo bago isipin
Na wala ka ng pag asa utoy 'ge manalangin pray!

Nakatingala sa mga ulap
Nakangiting humihiling at kahit san
Nakatingala sa mga ulap
Nag-aantay na masagot at mabuksan
Ang aking liham sulat na minsa'y aking pinadala

Kahit na malayo't umabot ay malabo
Sakin pinadama
Yah yah yah

Salamat na agad,
Ang dalangin ay laging natutupad
Baka kahit di na para sakin, ay binibigay pa rin
Kahit anong hilingin pa at hinahangad
Mahaba pa ang panahon para magpasalamatan pa kita
Kahit alam mo na, kulang ang salitang salamat para sa mga nagawa

Mo! Para sa aming mga nananalangin
Sana bitbit ng hangin, tungo sayo
O aming nag iisang hari gabayan nyo po palagi
Kasama ka kahit san mapadpad ang mga paa habang

Nakatingala sa mga ulap
Nakangiting humihiling at kahit san
Nakatingala sa mga ulap
Nag-aantay na masagot at mabuksan
Ang aking liham sulat na minsa'y aking pinadala
Kahit na malayo't umabot ay malabo
Sakin pinadama
Mahal na kita!

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!